Social Security

Mga Seguradong Karagdagan Sustento
(Supplemental Security Income Benefits)

Ano Ang SSI?

Ang kahulugan ng *SSI* ay *Supplemental Security Income*. Ito ay isang programa na pinamamahalaan ng *Social Security*. Ang *SSI* ay nagkakaloob ng buwanang sustento sa mga taong matatanda o bulag o may kapansanan at wala o kakaunti lamang ang kinikita at mga ariarian.

Ang mga bata, at pati rin mga taong may gulang na, ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo kung sila ay bulag o may kapansanan.

Para makatanggap ng *SSI*, ikaw ay kinakailangang matanda o bulag o may kapansanan.

- Tinutucoy ng salitang "matanda" ang mag taong may 65 taong gulang na mas higit pa.
- Tinutucoy ng salitang "bulag" ang mga taong lubos na hindi makakita o may napakahinang paningin.
- Tinutucoy ng salitang "may kapansanan" ang mga taon may sakit, maging pangkatawan o pangkaisipan, na inaasahang tatagal ng hindi kulang ng isang taon o humantong sa kanyang. Ang tanggapan ng *Social Security* sa inyong lugar ay makapagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran ng may kapansanan para sa mga bata at may gulang.

Kung kayo ay tumatanggap ng *SSI*, karaniwang kayo ay tumatanggap rin ng mga food stamp at Medicaid. Ang Medicaid ay tumutulong bayaran ang mga gastos para sa doktor at sa ospital.

Ang Inyong mga Ari-arian at Kinikita

Para makatanggap ng *SSI*, ang inyong mga pag-aari at kinikita ay dapat na mas mababa sa mga itinakdang halaga.

Ang Inyong mga Ari-arian at Kinikita

Hindi namin ibinibilang ang lahat ng inyong mga ari-arian sa aming pagpapasiya kung kayo ay maaaring makatanggap ng *SSI*. Halimbawa, hindi namin sinasama ang inyong bahay at ang ilan sa inyong mga ari-ariang personal. Karaniwang hindi namin sinasama ang inyong kotse.

Ibinibilang namin ang:

- salapi;
- mga *account* sa bangko, *stocks*, *U.S. Savings Bonds*;
- ari-ariang lupa at iba pang saklaw nito;
- *life insurance*; at
- mga ari-ariang personal.

Kayo ay maaaring makatanggap ng *SSI* kung ang naibilang halaga ng inyong mga ari-arian ay hindi humihigit sa:

- $2,000 para sa isang tao; at
- $3,000 para sa mag-asawa.

Ang Inyong Kinikita

Kasama sa inyong kinikita ang mga perang dumarating sa inyo tulad ng:

- suweldo (sahod sa trabaho, tubo galing sa sariling negosyo);
- tsekeng galing sa *Social Security*
- pensiyon;
- bayad na galing sa *workers' compensation*;
- interes, dibidendo, *royalties*, napanaluhan;
- bayad na galing sa *unemployment compensation*; at
- mga regalo (halimbawa, pera).

Kabilang rin sa inyong kinikita ang mga bagay-bagay na hindi man salapi ay inyo pa ring libreng pagkain, damit at tirahan.

Mga Ibang Patakaran Na Dapat Ninyong Malaman

Bago kayo makatanggap ng *SSI*, kayo ay dapat ring:

- nakatira sa Estados Unidos o sa *Northern Mariana Islands*;
- isang mamamayan ng Estados Unidos; o
- nabibilang sa isa sa mga pangkat na nararapat pa ring tumanggap ng *SSI* kahit na hindi kayo isang mamamayan ng Estados Unidos.

Makipagpanayam lamang kayo sa tanggapan ng *Social Security* sa inyong lugar para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran ng pagtanggap ng *SSI* kung hindi kayo isang mamamayan ng Estados Unidos. Humingi ng kopya ng *factsheet* na *SSI For Noncitizens*, (Publication No. 05-11051).

Paano Ka Maaaring Makapag-aplay para sa *SSI*

Pumunta lamang sa tanggapan ng *Social Security* sa inyong lugar. O tawagan kami sa **1-800-772-1213** para maitakda ang inyong pakikipag-usap sa isang kawani ng *Social Security* na siyang tutulong sa inyong pagaaplay.

Maaaring ang mga magulang o yung natalagaan ng korte na tagapangalaga ng bata ang humiling ng *SSI* para sa isang batan wala pang 18 taong.

Kami ay makapagbibigay ng libreng tagapag-interprete kung kailangan ninyo nito para maisagawa ang inyong pakay sa *Social Security*.

Ano Ang Inyong Dadalhin

Dapat na nasa inyo ang mga sumusunod na bagay bago kayo mag-aplay. Kahit na wala sa inyo ang lahat ng bagay na nakalista sa ilalim, mag-aplay pa rin kayo. Matutulungan kayo ng mga kawani sa tanggapan ng *Social Security* sa pagkuha ng anumang inyong kailangan. Mangyaring dalhin ang:

- inyong *Social Security card* o isang ulat ng inyong numero ng *Social Security*;
- inyong sertipiko ng kapanganakan o ibang katibayan ng inyong gulang;
- impormasyon tungkol sa bahay na inyong tinitirahan, tulad ng inyong binabayarang utang sa halaga ng inyong bahay o kontrata ng pag-upa at pangalan ng may-ari ng inyong tinitirahan;
- rekord ng inyong binabayarang buwis *(tax return) W-2 forms*, rekord ng inyong kita sa trabaho *(payroll slip)*, libreta sa bangko, rekord ng inyong *insurance (insurance policies)*, rehistro ng inyong sasakyan, rekord ng inyong nakatabing pondo sa inyong pagpanaw (*burial fund records)*, at iba pang impormasyon tungkol sa inyong kinikita at mga ari-arian;
- kung batay sa inyong kapansanan ang inyong aplikasyon, ang mga pangalan, *address* at numero sa telepono ng mga duktor, ospital at klinika na na tumigin sa inyong kapansanan; at
- katunayan na kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos o pagkakabilang sa pangkat na nararapat pa rin tumanggap ng *SSI* kahit na hindi isang mamamayan ng Estados Unidos.

Kailangan rin ninyong dalhin ang inyong *checkbook* o anumang papeles na mapagkukuhanan ng impormasyon tungkol sa inyong *account* sa bangko o *credit union* o institusyong pinansyal *(finanacial institution)* upang deretso na naming maideposito ang inyong benepisyo sa inyong *account*. Naiiwasan ang pagkawala, pagnanakaw at atraso ng koreo sa paggamit ng deretsong deposito *(direct deposit)*. Ang pera ay laging dumarating sa tamang panahon at handang magagamit ninyo nang hindi kayo pumupunta sa bangko. Ang mga tao lamang na walang account sa bangko ang tumatanggap ng mga tseke.

Isang Paalaala Tungkol Sa Mga Benepisyong *Social Security*

Nagkakaloob din ang *Social Security* ng mga benepisyo sa pagreretiro *(retirement benefits)*, benepisyo para sa mga namatayan *(survivors benefits)* at benepisyo para sa mga may may kapansanan *(disability benefits)*, sa mga manggagawang may sapat na panahon nang nakapagtrabaho sa mga trabahong sakop ng *Social Security*. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyong ito, hingin ang mga *factsheet* na *Social Security:* Benepisyo Sa Iyong Pagreretiro At Sa Naiwanang Mong Pamilya Sa Iyong Pagpanaw *(Social Security Retirement and Survivors Benefits)* at Mga Benepisyo Para Sa May Kapansanan (*Social Security Disabilty Benefits)*.

Social Security Administration
Supplemental Security Income Benefits
August 1998